Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 7 - Modyul 25:
## Panghalip na Pananong



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Filipino – Ikaapat na Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Linggo 7 - Modyul 25: Panghalip na Pananong
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala (*publishers*) at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Sangay ng Lungsod ng Valencia
Tagapamanihala ng mga Paaralan: Rebonfamil R. Baguio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Brylle A. Cabaya |
| **Editor:** | Catherine D. Melos |
| **Tagasuri:** | Emelita F. Rey, PSDS |
| **Tagapaglapat:** | Ma. Gelyn G. Zerna<br>Rommel C. Villa |
| **Ilustrador:** | Madilyn S. Saphlot |
| **Layout Artists:** | John Rimmon I. Taquiso |
| **Tagapagpamahala:** | |
| Chairperson: | Rebonfamil R. Baguio<br>*Tagapamanihala ng mga Paaralan* |
| Co-Chairperson: | Eugene I. Macahis, Jr.<br>*Asst. Schools Division Superintendent* |
| Mga Kasapi: | Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES<br>Noemie M. Pagayon, EPS – Filipino<br>Analisa C. Unabia, EPS – LRMS<br>Joan Sirica V. Camposo, Librarian II<br>Israel C. Adrigado, PDO II |

Inilimbag sa Pilipinas ng:

Kagawaran ng Edukasyon – Sangay n g Lungsod ng Valencia
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 7 - Modyul 25: Panghalip na Pananong

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at iba pang nasa larangan ng edukasyon na ipadala ang inyong mga puna, komento at rekomendasyon sa pamamagitan ng email sa Kagawaran ng Edukasyon sa region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon ● Republika ng Pilipinas**

## *Ang Modyul na ito*

Magandang araw mahal naming mag-aaral. Kamusta na? Handa ka na ba sa mga hamon ko sa iyo?

Ang araling ito ay ginawa para sa iyo. Layunin nitong tulungan ka sa iyong pag-aaral. Tinatalakay rito ang tungkol sa Panghalip na Pananong. Ang modyul na ito ay tiyak na makatutulong nang husto sa iyong kasanayan. Maari ninyong gamitin ang inyong kakayahan at kahusayan sa pag-unawa at pagsagot ng mga pagsasanay na buong sipag na inihanda para lamang sa iyo.

Bahagi parin ng modyul na ito ang sumusunod:

- Panimula
- Layunin
- Teksto
- Mga Icons tungo sa kaalaman
- At mga dapat tandaan

Nawa ito ay iyong magustuhan.



### *Mga Tala para sa Guro*

Ang araling ito ay nakasentro kung saan masusukat ang kakayahang umintindi ng mag-aaral. Mainam na sa pagbibigay ng puntos ay maghanda ka ng rubrik at krayterya na pagbabasihan mo ng katumbas na putos ng kanilang mga sagot. Lalung – lalo na sa nga pagsasanay o sitwasyon na nangangailangan ng lohikal na eksplenasyon.



## *Alamin*

Ang nasa ibaba ay ang mga dapat matutunan sa modyul na ito;

Layunin


Nagagamit ang iba't-ibang uri ng panghalip (pananong) isahan o maramihan sa pangungusap sa usapan at pagsasabi tungkol sa sariling karanasan. (F4WG-If-j-3)


## *Paano matuto sa Modyul na ito?*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na mga hakbang;

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad sa panuto sa pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.

## *Mga Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa inyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin. |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan. |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin. |
|  | Suriin | Ito ay ang pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang iyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang iyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto. |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## *Subukin*

Tukuyin ang tamang panghalip pananong sa mga pangungusap sa ibaba.

Panuto: Bilugan ang tamang sagot.

1. (Ano, Sino) ang kasama mong namalengke?
2. (Anu-ano, Sino-sino) ang mga binili ninyo sa palengke?
3. (Kailan, Ilan) bang kilo ng bigas ang binili mo sa palengke?
4. (Kailan, Ilan) kayo pupunta sa palengke?
5. (Saan-saan, Sinu-sino) ang mga kasama mong pumunta sa palengke?
6. (Ilan-ilan, Saan-saan) mo pala inilagay ang mga prutas?
7. (Sino, Ano) pala ang pangalan ng kasama mo?
8. (Saan, Kailan) lugar ka ipinanganak?
9. (Ano, Bakit) ka bumili ng mga iyan?
10. (Bakit, Paano) mo niluto ang mga pagkain na ito?

# Aralin 1 Panghalip na Pananong

Ang mga panghalip na pananong ay salitang ginagamit sa pagtatanong at tumatayo rin sa pangngalan. Ito ay karaniwang ginagamit na kaganapang pasimuno. Ang mga pangungusap ay nagtatapos ng tandang pananong (?).

Ang panghalip pananong ay may kailanan. Ang kailanan ay ang dami o bilang ng tinutukoy. Maaari itong isahan o maramihan. Tingnan ng mabuti at unawain ang nasa kahon.

| Hinihingi | Isahan | Maramihan |
|---|---|---|
| Bagay | Ano<br>Alin | Anu-ano<br>Alin-alin |
| Tao | Sino | Sinu-sino |
| Nagmamay-ari | Kanino<br>Nino | Kani-kanino<br>Ninu-nino |
| Lugar | Saan | Saan-saan |
| Bilang | Ilan | Ilan-ilan |
| Petsa/Oras | Kailan | Kai-kailan |
| Halaga | Magkano | Magka-magkano |

Sa kailanan na isahan ay mapapansing nasa anyong payak ang kanyang panghalip. Samantalang sa kailanan na maramihan, ito ipinapakita sa pamamagitan ng pag-uulit ng salita at ginagamitan ito ng gitling (-). Mapapansin mo rin na sa pangungusap na maramihan ay may pahiwatig na salitang “mga” o iba pang salita na may kinalaman



## *Balikan*

Panuto: Ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod na salita. Bilugan ang tamang sagot:

1. Si Jose ay nag-aaksaya ng pagkain.
   ang salitang nag-aaksaya ay;
   a. nag-iipon  b. nagiimbak  c. nagtatapon
2. Umaapaw ang tubig sa timba.
   ang salitang umaapaw ay;
   a. sumusobra  b. hindi puno  c. kulang
3. Ang pagtitipid ay isang magandang halimbawa ng ugaling Pilipino.
   ang salitang pagtitipid ay;
   a. magastos  b. nag-iimpok  c. bili ng bili
4. Dahil sa kawalan ng tubig, dumayo sila sa ibang lugar upang umigib.
   ang salitang dumayo ay;
   a. hinayaan  b. pumunta  c. nakita
5. Napagtanto ng mga tao na huwag aksayahin ang tubig.
   ang salitang napagtanto ay;
   a. naguluhan  b. nasayahan  c. natutunan



## *Tuklasin*

Ang sanaysay sa kahon ay naglalaman ng mga panghalip pananong. Salungguhitan ang lahat ng panghalip na pananong na makikita mo.

Ano sa iyo ang tubig? Ang tubig ay isang importanteng bagay sa mundo. Ito ang nagbibigay buhay sa lahat. Sinu-sino ba ang mga nakikinabang nito? Ang mga tao at hayop ay nangangailangan ng tubig upang mabuhay. Maging ang halaman ay nangangailangan ng tubig upang lumaki. Saan-saan natin ginagamit mga ito? Kailangan rin natin ito sa paglilinis ng ating katawan. Ginagamit din natin ito sa paglilinis ng maaraming bagay. Hindi tayo makakaluto kung walang tubig. Kung kaya't kailangan natin itong pangalagaan. Paano ka nagtitipid ng tubig? Pag naubos ang tubig ay mawawalang buhay ang mundo.

Anu-ano ang mga nasalungguhitan mong panghalip pananong sa sanaysay?



***Suriin***

Balikan ang nasalungguhitan mong panghalip na pananong. Anu-ano ang iyong napansin?

**Panghalip Pananong (Isahan)**

Halimbawa:

1. Ano sayo ang tubig?
2. Paano ka nagtitipid ng tubig?

Mapapansin mo na sa kailanan na isahan, ang panghalip na pananong ay nasa anyong payak.

**Panghalip Pananong (Maramihan)**

Halimbawa:

1. Sinu-sino ba ang mga nakikinabang nito?
2. Saan-saan natin ginagamit mga ito?

Sa kailanan na maramihan na man ay inuulit ang anyo ng panghalip na ginamit. Mapapansin mo rin na ang mga pangungusap nito ay may pahiwatig na salitang “mga” na tumutukoy sa dami.



## *Pagyamanin*

Basahin ang dayalogo ng mag-ama. Tungkol saan kaya ang pinag- usapan nila?

**Kauna-unahang Parmasyutikong Pilipino**

Michael: Tatay, ano po ang iyong binasa? Para pong lumang-luma na yata ang pabalat ng aklat na iyan.

Tatay: Lumang-luma na nga ang aklat na ito. Ginamit pa ito ng lolo mo noong siya’y katulad mong nag-aaral pa.

Michael: Ano po ba ang laman ng aklat na iyan at parang napakahalaga?

Tatay: Talagang napakahalaga ng aklat na ito sa pagkat ang nilalaman nito ay tungkol sa mga dakilang Pilipino.

Michael: Sinu-sino po ang dakilang Pilipino?

Tatay: Marami. Tatanungin kita para malaman ko kung gaano ang kaalaman mo tungkol sa mga dakilang Pilipino.

Michael: Sige po. Tanungin nga po ninyo ako.

Tatay: Sino ang kauna-unahang parmasyutiko ng bansa?

Michael: Sirit na po ako, Tatay. Hindi ko po alam.

Tatay: Siya si Dr. Leon Ma. Guerrero. Isa siyang dakilang botanista dahil noong panahong iyon, may botika siya sa Binondo, Maynila. Ngunit kakaunti naman ang laman dahil mahirap umangkat sa ibang bansa ng gamot.

Michael: Paano po ang ginawa ni Dr. Guerrero para magkaroon siya ng panindang gamot?

Tatay: Tumuklas siya ng mga gamot para sa karaniwang sakit tulad ng lagnat, ubo, sakit ng ulo, at sakit ng tiyan. Sinuri niya ang mga tuyong dahon at ugat ng punongkahoy.

Michael: Sa punongkahoy po pala nanggaling ang mga gigawang gamot.

Tatay: Oo dahil sa kanyang pagmamalasakit sa mga halaman at sa kanyang paglilingkod sa kapakanan ng botanika. Ipinangalan sa kanya ang isang uring orkidya, dendrobium gerreroi, at tinawag siyang “Ama ng Botanismo ng Pilipinas”

Michael: Ilang taon na po kaya siya ngayon, kung siya’y nabubuhay? Kailan po siya ipinanganak?

Tatay: Tingnan ko kung magaling kang magkwenta. Ipinanganak siya Enero 24, 1853.

Isa-iisahin ang mga panghalip na pananong na ginamit sa dayalogo.




## *Isaisip*

Laging tandaan na sa pakikipag-usap, mahalagang gumamit tayo ng mga panghalip na pananong nang lalong mas makatuturan ang ating pakikipagtalastasan.

Ang mga puntos na dapat mong isaisip;

1. Ang panghalip na pananong ay ginagamit sa simula ng pangungusap.
2. May tandang pananong (?) na makikita sa hulihan ng pangungusap.
3. Isahan kung ang panghalip ay payak. Maramihan na man kapag ang panghapil ay inu-ulit at may mga pahiwatig na salitang may kinalaman sa dami.



## *Isagawa*

Balikan ang usapan ng mag-ama sa pahina 11-12.

Panuto: Tukuyin ang mga panghalip na pananong na ginamit ni Michael sa pakikipag usap sa kanyang tatay. Pagkatapos ay suriin kung ang panghalip ay isahan or maramihan. Isagot sa kahon na nasa ibaba.

| Panghalip na Pananong | Kailanan ng Panghalip |
|---|---|
| Halimbawa: Ano | Isahan |
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |



## *Tayahin*

Panuto: Lagyan ng angkop na panghalip na pananong ang mga puwang. Pagkatapos, tukuyin kung ito ay isahan o maramihan ang ginamit na panghalip.

Halimbawa:

Sinu-sino/Maramihan ang mga pumasa sa klase?

1. __________________ ang laman ng kahon?
2. __________________ ang pakay nila sa lugar na ito?
3. __________________ nagpuntahan ang mga bisita mo?
4. __________________ ang nagagastang baon ng bata sa isang araw?
5. __________________ ang bilang ng nakatira roon?
6. __________________ mo kinuha ang pangbayad?
7. __________________ kaya ginawa ng mga bata ang proyekto nila?
8. __________________ kabuti ang puso ng pulubing iyon?
9. __________________ ang mga maglalaro sa ating kupunan?
10. __________________ ang mga tulong ang higit kailangan nila?

## *Karagdagang Gawain*

Gawin ang sumusunod na sitwasyon. Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataon, anu-ano ang itatanong mo sa mga taong ito? Magbigay ng dalawang katanungan (isahan at maramihan).

**Sa Iyong Magulang**

Isahan:______________________________________________________

Maramihan:__________________________________________________

**Sa Iyong Matalik na Kaibigan**

Isahan:______________________________________________________

Maramihan:__________________________________________________

**Sa Pangulo ng Pilipinas**

Isahan:______________________________________________________

Maramihan:__________________________________________________

| **Pamantayan sa Pagbibigay ng Puntos** | **Puntos** |
|---|---|
| 1. Tamang pagbabaybay | 2 |
| 2. Tamang pagsulat ng malaking titik | 2 |
| 3. Tamang paglagay ng bantas | 1 |
| **Kabuuang Puntos** | 5 |

## *Susi sa Pagwawasto*

| Subukin |
|---|
| 1.Sino |
| 2.Anu-ano |
| 3.Ilan |
| 4.Kailan |
| 5.Sinu-sino |
| 6.Saan-saan |
| 7.Ano |
| 8.Saan |
| 9.Bakit |
| 10.Paano |

| Balikan |
|---|
| 1. c |
| 2. a |
| 3. b |
| 4. b |
| 5. c |

| Isagawa | |
|---|---|
| Panghalip na Pananong | Kailanan ng Panghalip |
| Halimbawa: Ano | Isahan |
| 1.Sinu-sino | Maramihan |
| 2.Sino | Isahan |
| 3.Paano | Isahan |
| 4.Ilan | Isahan |
| 5.Kailan | Isahan |

| Tayahin |
|---|
| 1.Ano/Isahan |
| 2.Sino/Isahan |
| 3.Saan-saan/Maramihan |
| 4.Magkano/Isahan |
| 5.Ilan/Isahan |
| 6.Kailan/Isahan |
| 7.Paano/Isahan |
| 8.Gaano/Isahan |
| 9.Sinu-sino/Maramihan |
| 10.Anu-ano/Maramihan |

## *Mga Sanggunian*

Calatrava, Sancho C., M.R. Jaurique, F.B. Rafael, D.S. de Castro, J.R. Brana, M.H. Umadhay, C. Reyroso, A. Gime, R. de los Reyes, A.Z. Soniega, F.C. Guinto, Y.S. Maligaya, A.M. Aranzanzo, M.J. Derla, G.D. Badillo, A.D. Jabines. (2015). Yaman ng Lahi 4 LM.SunshineInterlinks Publishing House, Inc.

Dayo, D. O. (2005), Sigay 5, Wika at Pagbasa, Rex Bookstore, Inc.

Lalunio, L. P., & Francisca G. R. Hiyas sa Wika 4 Binagong Edisyon, pp 68-70

Para sa anumang katanungan o puna, maaring ipadala sa pamamagitan ng sulat o tumawag sa:

Kagawaran ng Edukasyon - Sangay ng Lungsod ng Valencia

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615